

Sa Tinig ng mga Ninuno: Pagbabalik-Tanaw sa mga Wikang Katutubo ng Pilipinas

Lizabeth G. Ringor

*Zamboanga Peninsula Polytechnic State University, R.T. Lim Boulevard, Baliwasan Zamboanga City
7000*

Corresponding email: lringor@zppsuh.edu.ph

May mga tinig na hindi lamang naririnig sa kasalukuyan. Naririnig din ang mga ito sa mga kuwento ng matatanda, sa mga awit na ipinapasa sa mga anak, sa mga pangalan ng lugar, at sa mga salitang ginagamit upang ilarawan ang mundo. Sa Pilipinas, ang mga wikang katutubo ay bahagi ng ganitong pamana. Bawat isa ay may dalang kasaysayan ng isang pamayanan—mga alaala, paniniwala, kaalaman, at paraan ng pamumuhay na hindi laging maisasalin nang buo sa ibang wika.

Ang pagbabalik-tanaw sa mga wikang katutubo ay hindi nangangahulugang pagtalikod sa Filipino o English. Sa halip, nangangahulugan itong pagkilala na ang pambansang kultura ay nabuo mula sa maraming lokal na kultura. Ayon kina Zeng at Li (2023), ang language policies sa Pilipinas ay nahubog ng iba't ibang ideolohiya, kabilang ang linguistic assimilation, vernacularization, at linguistic pluralism. Bagama't naging mahalaga ang pagtataguyod ng isang pambansang wika sa nation-building, ipinakita rin ng kanilang pagsusuri na mahalaga ang mga katutubong wika sa pagpapanatili ng cultural identity at social inclusion.

Makikita ang halaga ng mga wikang ito sa mismong buhay ng mga pamayanan. Sa pag-aaral nina Bonifacio et al. (2021) sa mga kabataang Bukidnon at Talaandig sa Mindanao, ipinakitang maaaring mapalakas ang paggamit ng indigenous language sa pamamagitan ng isang organisado at community-based na language conversation program. Mahalaga ang ganitong mga hakbang dahil ang language revitalization ay hindi lamang tungkol sa pag-aaral ng mga salita. Ito ay tungkol sa pagbibigay sa kabataan ng pagkakataong gamitin ang kanilang sariling wika sa tunay na pakikipag-usap.

Ngunit hindi madaling mapanatili ang isang wikang katutubo kapag napapalibutan ito ng mas dominanteng mga wika. Sa pag-aaral nina Pelila at Ayao-ao (2025) tungkol sa Kankanaey sa Mankayan, Benguet, ipinakitang ang linguistic discrimination, code-switching, at language dominance ay maaaring magdulot ng pagbabago sa traditional vocabulary. Sa kanilang pagsusuri, may mga salitang naging semi-archaic o archaic. Ang ganitong pagbabago ay paalala na ang language loss ay maaaring magsimula sa maliliit na pagbabago sa pang-araw-araw na paggamit.

Mas malapit sa karanasan ng mga katutubong pamayanan sa Mindanao ang pag-aaral nina Ullab et al. (2025) tungkol sa Subanen language sa Buug, Zamboanga Sibugay. Sinuri ng pag-aaral ang ethnolinguistic vitality ng Subanen, kabilang ang language attitudes at socio-economic influences. Mahalaga ang ganitong pagtingin dahil ang survival ng isang wika ay hindi lamang nakasalalay sa bilang ng mga nagsasalita. Nakadepende rin ito sa kung saan ginagamit ang wika, kung ipinapasa ba ito sa mga anak, at kung nakikita ba ng komunidad na may halaga itong gamitin sa kasalukuyan.

Sa ganitong sitwasyon, may mahalagang papel ang komunidad. Ipinakita nina Villaluz et al. (2022) sa kanilang pag-aaral sa Talaandig community sa Bukidnon na ang pagbaba ng paggamit ng indigenous language sa mga kabataan ay nagdulot ng pangamba sa cultural practitioners, administrators, at elders. Bilang tugon, bumuo ang komunidad ng proseso ng engagement upang palakasin ang language learning at cultural sustainability. Ipinakikita nito na ang revitalization ay mas makabuluhan kapag ang mga mismong tagapagsalita ang kasama sa pagdidisenyo at pagpapatupad nito.

Mahalaga ring baguhin ang paraan ng pagtingin natin sa mga wikang katutubo. Hindi sila dapat ituring na “lumang wika” na kailangan lamang alalahanin tuwing may cultural celebration. Buhay ang mga wikang ito hangga’t ginagamit, itinuturo, isinusulat, inaawit, at ipinapasa. Maaari silang magkaroon ng lugar sa social media, paaralan, community radio, literatura, digital archives, at iba pang modernong espasyo.

Ang pagbabalik-tanaw sa tinig ng mga ninuno ay hindi simpleng pagbabalik sa nakaraan. Ito ay pagdadala ng nakaraan patungo sa hinaharap. Kapag tinuturuan ng isang lolo ang kaniyang apo ng isang salitang katutubo, hindi lamang niya ipinapasa ang pronunciation o definition nito. Ipinapasa niya ang isang piraso ng kaniyang pagkatao.

Sa huli, ang pinakamahalagang tanong ay hindi kung ilang katutubong wika ang maaari nating ilista. Ang mas mahalagang tanong ay kung ilan ang patuloy nating maririnig mula sa mga susunod na salinlahi. Kung nais nating mapanatili ang mga tinig ng mga ninuno, kailangang bigyan natin sila ng lugar sa kasalukuyan.

Sapagkat ang isang wikang patuloy na sinasalita ay hindi lamang wikang nakaligtas. Isa itong kuwentong patuloy na nabubuhay.

References

- Bonifacio, R. M., Zaman, D. J. M. R., Prantilla-Arambala, M. D., & Zarate, M. S. (2021). Effects of indigenous language conversation skills enhancement program among Bukidnon and Talaandig youths in the Philippines. *Ampersand*, 8, 100076. <https://doi.org/10.1016/j.amper.2021.100076>
- Pelila, J. R. O., & Ayao-ao, S. L. (2025). Assessing archaism in Philippine Indigenous languages: The case of Kankanaey as spoken in Mankayan, Benguet, Philippines. *AlterNative: An International Journal of Indigenous Peoples*, 21(1), 54–63. <https://doi.org/10.1177/11771801241309727>
- Ullab, M. B., et al. (2025). Mapping the ethnolinguistic vitality of the Subanen language: Socio-economic influences on language attitudes and sustainability. *Cogent Arts & Humanities*. <https://doi.org/10.1080/23311983.2025.2553171>
- Villaluz, G. D., Tagalog, R. M. P., & Saway, A. L. (2022). Engaging Indigenous community towards a Talaandig language learning and cultural sustainability. *Asia-Pacific Journal of Community Engagement*, 7(2).
- Zeng, J., & Li, X. (2023). Ideologies underlying language policy and planning in the Philippines. *Humanities and Social Sciences Communications*, 10, 405. <https://doi.org/10.1057/s41599-023-01911-8>

ARTICLE DETAILS

PG-0000023; Received: January 11, 2026; Accepted: February 24, 2026; Published: February 26, 2026

CITATION:

Ringor, L. G. (2026). *Sa Tinig ng mga Ninuno: Pagbabalik-Tanaw sa mga Wikang Katutubo ng Pilipinas*. *Pinas Gazette: Essay, Stories, and Poetry*. DOI: 10.64591/ahcmwy11

COPYRIGHT

Copyright © 2026 by author(s). *Pinas Gazette: Essay, Stories, and Poetry* is published by Harness Mind Publishing. This is an Open Access article distributed under the terms of the Creative Commons Attribution License (<https://creativecommons.org/licenses/by/4.0/>), allowing redistribution and reproduction in any format or medium, provided the original work is cited or recognized.

